

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Tinatapos ng Lungsod ng Brampton ang idineklarang State of Emergency bilang tugon sa COVID-19**

BRAMPTON, ON (Marso 24, 2022) – Sa araw na ito, dalawang taon matapos ideklara ang State of Emergency bilang tugon sa pandemyang COVID-19, tinanggal ni Mayor Patrick Brown ang idineklarang emergency ng Lungsod ng Brampton sa ngalan ng Konseho ng Lungsod, at sa rekomendasyon ng Emergency Management team ng Lungsod.

[Tinanggal din ng Rehiyon ng Peel ang idineklarang emergency ng Lungsod ng Brampton sa araw na ito](#) kasunod ng konsultasyon sa Medical Officer of Health, Dr. Lawrence Loh, pati na rin ng Regional Emergency Management.

[Idineklara ng Lungsod ang isang emergency noong Marso 24, 2020](#), ayon sa Emergency Management Plan ng Lungsod. Ang deklarasyon ay isang mahalagang hakbang para suportahan ang Lalawigan at ang Rehiyon ng Peel sa kanilang pagsisikap na kontrolin ang pagkalat ng COVID-19. Ang deklarasyon ng emergency ay isang administratibong tool na nagpapahintulot sa Lungsod nang dagdag na bilis sa tugon nito sa pandemya para makatulong sa pagpapanatili sa komunidad na ligtas.

Nananatiling nakatuon ang Lungsod sa kalusugan at kaligtasan habang nagpapatuloy ito sa dahan-dahan at ligtas na muling pagbubukas, at salamat sa mga residente sa paggawa ng kanilang parte sa buong pandemya sa pamamagitan ng paglayo mula sa iba, pagsagawa sa mabuting kalinisan, pagpapabakuna at pagsusuot ng mga mask para makatulong sa pagpigil ng pagkalat.

Dapat magpapatuloy ang mga residente sa pag-una sa kalusugan at kaligtasan ng komunidad sa pamamagitan ng pananatili sa bahay kung may sakit, at pagpapabakuna at pagpapa-booster laban sa COVID-19. Para sa pinaka-up-to-date na impormasyon tungkol sa mga pagbabakuna sa COVID-19, bisitahin ang [vaccine portal ng Lalawigan](#).

Kapag magbago ang sitwasyon sa COVID-19 sa Brampton, magpapatuloy ang Lungsod sa pakikipagtulungan sa Peel Public Health at susundin ang lahat ng mga hakbang sa kalusugan at kaligtasan ng lalawigan at rehiyon para suportahan ang tugon sa emergency.

### **Mga Task force na Suporta sa COVID-19**

Sa buong pandemya, naging dedicated ang Lungsod sa pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng staff at mga residente at pagsuporta sa lokal na ekonomiya at hindi pantay na nakakaapekto sa mga komunidad. Noong Marso 2020, inanunsyo ng Lungsod ang apat na mga task force ng Mayor na suporta sa COVID-19 para i-coordinate ang epektibong mga

tugon sa COVID-19: ang Task Force na Suporta sa Ekonomiya, Task Force na Suporta sa Lipunan, Task Force na Suporta sa Kabataan at Task Force na Suporta sa mga Senior.

Taos-pusong nagpapasalamat ang Lungsod sa lahat ng nauugnay sa mga Task Force para sa pagsuporta sa mga pagsisikap sa tugon sa COVID-19 at sa Komunidad ng Brampton sa loob ng nakalipas na dalawang taon, kabilang ang:

- **Mga kapwa namumuno sa Task Force na Suporta sa Ekonomiya;** Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal Wards 1 at 5 at Michael Palleschi, Rehiyonal na Konsehal, Wards 2 at 6
- **Mga Nanumuno ng Task Force na Suporta sa Lipunan;** Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5 at Jeff Bowman, Konsehal ng Lungsod, Wards 3 at 4
- **Mga kapwa namumuno sa Task Force na Suporta sa Kabataan;** Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8 a Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10
- **Mga kapwa namumuno sa Task Force na Suporta sa Senior;** Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8 at Gurpreet Dhillon, Rehiyonal na Konsehal, Wards 9 at 10
- **Backyard Garden Program Chair;** Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod, Wards 2 at 6
- **Namumuno sa Working Group ng Muling Pagbubukas at Pagbangon;** Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4

Sa pagtanggap sa State of Emergency, babaguhin ng Lungsod ang mga task force at patuloy na ibibigay ang suporta sa komunidad sa pamamagitan ng paghahatid ng serbisyo sa Lungsod at sa pamamagitan ng mga network ng suporta sa lipunan sa komunidad.

### **Nagpapatuloy na mga hakbang para sa COVID-19**

Pinapaalalahanan ang mga residente na kahit na tinanggal ng Lungsod ang [Ordinansa sa Mandatoryong Pagsusuot ng Mask sa COVID-19 sa Brampton](#), patuloy na kakailanganin ang mga mask sa piling mga lugar tulad ng public transit, mga lugar ng health care, mga long-term care home at congregate care settings. Hinihiling sa mga residente na igalang ang mga taong patuloy na magsusuot ng mga mask sa mga lugar na hindi na ito kailangan.

Patuloy na kakailanganin ang mga mask sa lahat ng bus ng Brampton Transit at sa mga terminal ng Brampton Transit na naaayon sa [mga regulasyon ng Lalawigan](#). Nanatiling ginagawa ang paglilinis at ang pagsa-sanitize, at araw-araw na pinupunasan ang mga pasilidad at terminal na may matitigas na ibabaw.

Bisitahin ang [www.bramptontransit.com](http://www.bramptontransit.com) o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Ang mga tanong ay maaring ipaabot sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

Hindi na kakailanganin ang pre-screening para makapasok sa mga pasilidad ng Lungsod, kabilang ang mga pasilidad ng Recreation. Hinihikayat ang mga residente na patuloy na manaitli sa bahay kung masama ang kanilang pakiramdam.

**Mga Quote**

“Labis akong nagpapasalamat na ianunsyo na tayo ay nasa posisyon para tapusin ang ating State of Emergency bilang tugon sa COVID-19 sa Brampton. Wala sana tayo rito kung hindi pa dahil sa napakahusay na mga pagsisikap ng ating mga residente, staff ng Lungsod, mga health care worker, at mga miyembro ng task force ng Lungsod. Habang lumilipat tayo sa susunod na yugto ng pandemya, alam ko na makakalampas tayo dito tulad ng nagawa natin sa nakalipas na dalawang taon – bilang isang komunidad.”

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa loob ng nakalipas na dalawang taon, ang ating team sa Lungsod ng Brampton ay nananatiling matatag na committed sa pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng ating komunidad habang nagpapatuloy sa paghahatid ng mga serbisyo sa ating mga residente at negosyong inaasahan. Taos-puso akong nagpapasalamat sa mga staff para sa kanilang mga pagsisikap, at sa ngalan ng Lungsod, inaasahan natin ang patuloy na paglilingkod sa ating komunidad habang dinadaan natin itong kasunod na yugto ng pandemya.”

*- Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)